Paunawa sa Publiko

1% Manwal na Pagbilang – Ika-6 ng Abril, 2021 Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado

Alinsunod sa Batas ng Estado, sa panahon ng opisyal na pag-canvass ng bawat eleksyon kung saan ang isang sistema ng pagboto ay ginamit, isang pampublikong manwal na pagbilang ng mga balota na nakuha sa mga kagamitan na iyon ang dapat na isagawa.

Ang manwal na pagbilang ng mga binotohang balota sa hindi bababa sa 1% ng mga presinto at batch, na pinili nang random, ay isasagawa bilang bahagi ng post-Election Day canvass ng eleksyong ito. Ang manwal na proseso na pagbilang, gaya ng lahat ng bahagi ng opisyal na pag-canvass ng mga resulta, ay bukas para sa pag-obserba ng publiko.

Ang random na pagpili ng mga presinto at batch upang manwal na bibilangin ay gaganapin sa:
Huwebes, Ika-8 ng Abril, sa ika-2 ng hapon

Ang manwal na pagbilang ng mga boto sa mga piniling mga balotang ito ay gaganapin sa:
Martes, Ika-13 ng Abril, sa ika-9 ng umaga

Ang manwal na pagbilang ay gaganapin bawat araw, hanggang sa makumpleto, sa panahon ng normal na oras ng trabaho, Lunes hanggang Biyernes, mula ika-8 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon. Kung kinakailangan, ang mga oras ng manwal na pagbilang ay maaaring ipagpatuloy, kabilang ang mga gabi hanggang ika-8 ng gabi at/o Sabado at Linggo at mga holiday.

Kung interesado sa pag-obserba nitong proseso, mangyaring kontakin ang opisina ng Tagapagrehistro (858) 565-5800.